JANUARY
Makugihon
FEBRUARY
Mahigugmaon
MARCH
Matinabangon
APRIL
Matinahuron
MAY
Mahapsay og Malinpyo
JUNE
Maabtik og Masunod sa Tinakdong Oras
JULY
Maantigo og Maabilidad
AUGUST
Maginhandhunaon para sa Uban
SEPTEMBER
Madaginoton
OCTOBER
Matinud-anon
NOVEMBER
Masaligan
DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


Zest for Progress
Zeal of Partnership

5

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan- Modyul 8: Pagpapahalaga sa Partisipasyon ng Iba't Ibang Rehiyon at Sektor sa Pag- usbong ng Kamalayang Pambansa



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 8: Pagpapahalaga sa Partisipasyon ng Iba't Ibang Rehiyon at Sektor sa Pag-usbong ng Kamalayang Pambansa**

**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga mayakda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may- akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat: Loreta A. Omaguing**
**Editor: Arlene P. Medija**
**Tagasuri: Vilma C. Velasco**
**Tagalapat: Fritz C. Peñosa**
**Tagapagpamahala:**
Virgilio P. Batan Jr. CESO VI – Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan – Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero – Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien – Chief Education Supervisor, SGOD
Monina R. Antiquina – Education Program Supervisor
Ronillo S. Yarag- Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo – Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**



# Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa iyong kaalaman. Ako'y lubos na nasisiyahang ipaalam na sa araling ito ay matutuhan mo kung paano Pahalagahan ang Partisipasyon ng mga Sektor at Rehiyon upang makatutulong sa pag-usbong ng kamalayang Pambansa. Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpaphintulot na maari itong gamitin ng iba't ibang sitwasyon ng pagkatuto. Ang wikang ginamit ay angkop sa magkakaibang antas ng bokabularyo ng mga mag aaral. Ang aralin ay inayos ayon sa tamang pagkasunod- sunod ng mga paksa na makikita sa aklat.

Pagkatapos mapag – aralan ang modyul na ito, inaasahang ikaw ay:

1. Mapahalagahan ang mga partisipasyon ng iba't ibang sector sa pag-usbong ng kamalayang Pambansa.



# Balikan

**Panuto:** Hanapin sa Hanay B ang ideya na ang Rehiyon at sector, ay may partisipasyon sa pagsulong ng kamalayang Pambansa na naglalarawan sa hanay A. Isulat ang sagot na titik sa patlang.

| **Hanay A** | **Hanay B.** |
|---|---|
| ____1. Pagbubukas ng Suez Canal | a. Mestisong Tsino at Espanyol na nakapag aral sa Maynila at Europa na nagkamit ng liberal na edukasyon sanhi ng pagkamulat na tayo |
| ____2.Pag- aalsa sa Cavite | b. Nagbigay daan upang higit na mapadali ang pag-angkat ng mga kalakal at pagdating ng mga kaisipang liberal mula sa Europa. |
| ____3. Illustrado | c. Pagbibigay ng mga paring sekular o Pilipino ng kapangyarihang pamunuan ang mga Parokya. |
| ____4 Sekularisasyon | d. Uri ng pamamahala kung saan natamasa ng mga tao ang pantay pantay na karapatan,kalayan sa pamamahayag sa pamumuno ni Gov. Hen. Carlos Maria de la Torre. |
| ____5.Kaisipang liberal | e. Di makatarungang pagpaslang sa tatlong paring GomBurZa na walang laban dahil sa bayarang paglilitis noong 1872. |

# ARALIN 15 Pag-usbong ng Kamalayang Pambansa



## Tuklasin

**Basahin ang tula.**

**KALAYAAN: PAHALAGAHAN**

*Ni: Roseller G. Sumonod*

Ang sarap tamasain ang Kalayaan;
Na ipinagbilin ng ating kaninunuan.
Dugo ang iniula upang ito ay makamtan
karapat- dapat lamang na ating pahalagahan.

Ngayong malaya na tayo , ano ang namamayani?
Kaluwalhatian ba ang namumukod tangi?
Dapat bang tularan ang ating mga Bayani?
Sa dayuhan nagkaisang lumaban,para bansa ay masarili.

Pahalagahan ko, pahalagahan mo at dapat pahalagahan ng lahat;
Di pahintulutang magdusa sa anumang suliraning kaharap.
kaya kumilos ka , kumilos ako at kumilos tayo ng tapat;
Magtulungan sa anumang problema ng bayan ngayon at sa
hinaharap
Munting kabayanihan sana ang ating kailangan gawin;
Walang dugong danakin upang ito ay lubusang maangkin.
Gawaing marangal at kasipagan lamang ang kailangan na makaugalian natin;
Upang kaunlaran ng bayan ay siguradong kayang abutin..

Sinu- sino kaya ang nag- ula ng sariling dugo upang maangkin natin ang Kalayaan noon?

Dapat bang pahalagahan ang Kalayaan na natamasa nating ngayon?

Paano natin ito gawin? Napukaw ba ang iyong isipan upang ipagmalaki ang bayang kinagisnan? Bakit?



# Suriin

Para sa inyo paano nakaapekto sa pagpapahalaga ang partisipasyon ng iba't ibang rehiyon at sektor sa pag- usbong ng kamalayang pambansa?

Ano ang resulta o naging bunga sa pagpapahalagang ito?

Alam mo ba kung paano napukaw ng mga rehiyon at sektor ang damdamin ng mga Pilipino upang pahalagahan ang Kamalayang Pambansa? Ang ilan sa nakapapukaw sa damdaming pagpapahalaga sa pagmamahal sa bayan o makabansa ay sa pamamagitan ng sumusunod na kadahilanan:

**A. Pagbukas ng Suez Canal**

Noong ika-17 ng Nobyembre 1869, binuksan sa pandaigdigang kalakalan ang Suez Canal. Bunsod nito napaikli rota palabas at pasok ng bansa sanhi ng pagpasok ng mga dayuhang naglalakbay sa Pilipinas dala ang sariling kaisipan, pananaw at kultura gayundin ang mga Pilipinong nakapaglakbay palabas ng bansa, nakarating sa Pilipinas ang mga aklat, pahayagan at iba pang babasahin mula Europa at Amerika na naglalaman ng kaisipang Liberal na may kaugnayan sa Kalayaan, pagkakapantaypantay at kapatiran.

**B. Pag-usbong ng Panggitnang Uri**

Mga ilang mangangalakal,magsasaka at propesyunal na umunlad ang pamumuhay tinaguriang panggitnang uri na kinabibilangan ng mga tsino at espanyol na mistiso na nakapag-aral ang mga anak sa Maynila at Europa lalo na Espanya. Nakamit ng kabataang ito ang Liberal na edukasyon na nagmulat sa tunay na kalagayan ng bayan na sinupil ng mga dayuhan. Tinawag ang mga ito na mga Illustrado.

**C. Liberal na Pamumuno**

Ito ang pamamahala kung saan nakatamasa ang mga tao ng pantaypantay na Karapatan at Kalayaan sa pamumuno ni Gov. Hen. Carlos Maria de la Torre noong Setyembre 1868 matapos sumiklab ang himagsikan sa Espanya na kung saan pinalitan ang konserbatibong pamamahala tungo sa Liberal na pamunuan. Subalit di nagtagal, sa loob ng dalawng taon siya ay pinalitan ng malupit na pinuno na si Gov. Hen. Rafael de Izquirdo na lalong sumidhi ang pagnanais ng mga Pilipino para sa pagbabago at kasarinlan.

**D. La Illustrasyon o Age of Enlightenment**

Hinubog nito ang Europa sa modernong kaisipan sa mga aspekto ng pamahalaan., demokrasya, edukasyon, ekonomiya, sining at panitikan. Karamihan sa mga kaisipang ito ay ginagamit at pinakikinabangan sa daigdig hanggang kasalukuyan.

**E. Cadiz Kontitusyon**

Nilikha bunga ng hangarin ng Espanya na wakasan ang mga pag-aabusong dala ng sistemang konserbatibong umiral sa kanilang bansa. Binigyang halaga nito ang mga ideyang liberal gaya ng karapatan sa pagbuto ng mga kalalakihan, pambansang sobirenya, monirkiyang konstitusyunal, kalayaan sa pamamahayag, reporma sa lupa at malayang kalakalan. Hindi matagumpay ng ipinatupad ito sa Pilipinas kaya ipinagpatuloy ang dating bulok na kalakaran na nagbunga nga reaksyon sa maraming Pilipino.

#  Pagyamanin Natin

Panuto: Sukatin ang natutuhan at magsasagawa ng pagninilay hinggil sa inyong pakatuto mula sa aralin na inilahad. Kopyahin ang talahanayan sa inyong kwaderno. Lagyan ng tsek / ang wastong hanay na angkop sa pagpapahalaga ayon sa inaantig ng iyong puso tungo sa kamalayang pambansa.

| Mga pangyayari | Hindi sapat ang pagpahalaga ko | Sapat ang pagpapahalaga ko | Lubos ang pagpapahalaga ko. |
|---|---|---|---|
| **La Illustracion** | | | |
| **Cadiz Constitution** | | | |
| **Paglipas ng Merkantilismo** | | | |
| **Pag usbong ng gitnang uri** | | | |
| **Pagbubukas ng Canal Suez** | | | |
| **Liberal na Pamumuno** | | | |
| **Pagwakas ng Kalakalang Galyon** | | | |

#  Isaisip

**Panuto:** Pumili ng partisipasyon ng rehiyon o sektor sa loob ng kahon sa ibaba ang higit na iyong pinahalagahan na pumukaw sa pag usbong ng iyong kamalayang makabansa. Ilarawan kung bakit sa isang talata.

| | |
|---|---|
| Pagbukas ng Suez Canal | Kaisipang Liberal |
| La Illustrasyon | kaisipang liberal |
| Pag-aalsa sa Cavite | Sekularisasyon |
| Cadiz Constitution | Pag -usbong ng gitnang uri |

**Mga gabay na tanong:**

1. Anong rehiyon o sektor ang may partisipasyon na higit na nakagising ng iyong pagpapahalaga sa kamalayang Pambansa?
2. Bakit ito ang higit na sanhi na nagpapahalaga sa iyong kamalayang Pambansa?
3. Ano ang gagawin mo upang ito ay mapanatili na iyong mapahalagahan ?



# Tayahin

**Panuto:** Basahin at Unawain. Piliin ang pinakatamang sagot mula sa pinagpipilian na tumutugon sa tanong . Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

_____1.Ang pagbukas ng Suez Canal ay nagpaikli ng rota mula Europa at Pilipinas. Alin ang higit na nagpapahalaga sa pag-usbong ng kamalayang pambansa?

a. Madaling nakapasok ang mga aklat na naglaman ng kaisipang Liberal sanhi ng pagsiwalat ng maling pamamalakad sa mga Espanyol na pumukaw sa pagmamahal sa bayan ng mga Pilipino .
b. Maging maunlad ang ekonomiya ng Pilipinas bunsod ng pag-angkat ng mga produkto mula sa ibang bansa.
c. Nagkaroon ng pagkakataon ang mga kamag –anakang Pilipino na magtitipon – tipon.
d. Naging maunlad ang Pilipinas sa turismo palabas at pag pasok nito.

_____ 2. Sina GomBurZa ay pinaslang noong 1872 na sanhi sa di-makatarungang paglilitis. Ano ang naging bunga nito na nagbibigay halaga sa paggising ng iyong malayang makabansa?

a. Ikinalungkot sa mga paring regular.
b. Nasisiyahan ang mga Pilipino dahil di naman nila ito kaano–ano.
c. Nagsiwalang kibo lamang sila dahil sanay na sila sa ganong pangyayari.
d. Naging tumindi ang galit ng mga Pilipino na umantig sa kanilang puso upang magkakaisa laban sa mananakop.

_____ 3. Ano ang partisipasyon ng gitnang uri na nagbibigay pagpapahalaga sa pag-usbong ng iyong kamalayang Pambansa ?

a. Naisiwalat nila ang maling pamamalakad ng mga Espanyol gamit ang pamahayag na nagdulot ng pag-usbong ng kamalayang pambansa.
b. Naibigay nila ang balita ukol sa kawanggawa gamit talino sa pamamahayag.
c. Kahangahanga ang gawain nila bilang mamahayag na patok sa takilya.
d. Pinarangalan sila ng mga Espanyol dahil sa angking talino nila bilang mamamahayag.

_____ 4. Alin sa mga konsepto sa ibaba ang nagpadali ng pag-angkat ng kalakal at pagpasok ng liberal na kaisipan mula sa Europa na nagbibigay daan upang mapahalagahan ang pagpausbong sa kamalayang Pambansa?

a. Sekularisasyon b. konserbatibo c. nasyunalismo d. pagbukas ng Suez Canal

_____ 5. Ano ang epekto ng pagbawi ng Parokya mula sa paring Sekular o paring Pilipino?

a. Wala silang nagawa ngunit nagkaroon ng hinaing ang mga paring Pilipino laban sa paring Regular.
b. Ikinatuwa ng mga paring Pilipino dahil mamahinga muna sila sa pagpunta sa malayong Parokya.
c. Kusang loob na umalis dahil ito ay utos sa nakataas at wala sila magawa na suwayin ito.
d. Nagbingibingian lamang sila at ipinagpatuloy ang trabaho bilang kora paroko.

_____ 6.Ang pagtalaga ng Parokya sa mga paring Pilipino sa panahon ng Espanyol ay tinatawag na :

a. Sekularisasyon  b. Regularisasyon  c. Parokyanisasyon  d. Dayosisasyon

_____ 7. Sila na bumubuo ng mga anak ng Tsino at Spanyol na nakapag-aral sa Maynila at Europa kung saan gumamit ng panulat upang isiwalat ang maling pamalakad ng dayuhan ay tinawag na_____. Kung saan malaking naiambag upang mapahalagahan ang pag usbong sa kamalayang Pambansa.

a.Madarazo  b. Illustrado  c. Principalia  d. encomendero

_____ 8. Ang pamumuno ni Gov. Hen. De la Torre ay nagbigay ng pagkapantay- pantay na Karapatan ng mga Pilipino. Anong kaisipan ang kanyang pinagbatayan sa kanyang pamamalakad na nagbibigay daan upang mas lalong mabuksan ang diwang pagpapahalaga sa pagmamahal sa bayan?

a. kaisipang Monarkiya  b. kaisipang Aristokrasya  c. kumunista  d. kaisipang Liberal

_____ 9 . Maraming naganap na pag-aalsa sa Cavite. Anong pangunahing dahilan ang nag-udyok upang sila ay lumaban gamit ang madugong paraan?

a. Upang itaguyod ang pagpapahalaga sa Kalayaan  b. personal ang kadahilanan
c. Pinilit lang upang lumaban  d. binayaran upang sumama sa labanan

_____ 10. Ang nakikiisa sa kamalayang pambansa ay nagpapakita ng pagmamahal sa bayan. Sino sa kanila ang tunay na nagsasaloob nito?

a. Si Alma na sumama sa kanyang kaibigan upang manood ng Binibining Pilipinas.
b. Si Pedro na sumali mga pambansang rally laban sa tiwaling na pamamahala ng namumuan.
c. Si Gador na sumali sa riot sa Pambansang kulungan dahil sa personal na dahilan.
d. Si Carla na nag aliw sa sarili sa pamamasyal sa Parke ng Bansa.



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sa mga Pambansang suliranin na kasalukuyang hinaharap ng bayan na nasa loob ng kahon sa ibaba , Pumili ng isa kung alin ang higit mong pahalagahan na tulungan? Gamitin ang rubriks sa kabilang pahina bilang patnubay sa pagmamarka.

**1.Suliranin sa covid 19 2.Suliranin sa terrorismo**
**3.Suliranin sa katiwalian ng opisyal ng Bayan Ipaliwanag kung bakit at paano .**
**Ang Pambansang suliranin na gusto kong pahalagahan na tulangan na lutasin ay ang ___________________________.**
**Sapagkat______________________________________________**
**_________________________.Ito ay aking gagawin sa pamamagitan ng______**
**_________________________.**

## RUBRIKS SA PAGMAMARKA NG SAGOT

| Kriterya | Napakalinaw ang Pagkakabuo (15pts) | Lubhang Malinaw ang Pagkakabuo (10pts) | Hindi Malinaw ang Pagkakabuo (5pts) |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | | | |
| **Mensahe** | | | |
| **Pagkakabuo** | | | |
| | | **Kabuuang Puntos** | |

# *Susi sa Pagwawasto*

**Tayahin**

1. A
2. D
3. D
4. A
5. A
6. A
7. B
8. D
9. A
10. B

**Balikan**

1. B
2. E
3. A
4. C
5. D

# *Sanggunian:*

Curriculum Guide
Araling Panlipunan 5. Pilipinas Bilang Isang Bansa
Edisyon 2017

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.